

# ANO ANG DAPAT KONG MALAMAN BAGO KUMUHA NG ISANG PROFESSIONAL FIDUCIARY?



DEPARTMENT OF CONSUMER AFFAIRS

PFB

PROFESSIONAL FIDUCIARIES BUREAU


**Professional Fiduciaries Bureau**
1625 North Market Blvd., Suite S-209
Sacramento, CA 95834

Telepono: (916) 574-7340
Fax: (916) 574-8645
Email: **fiduciary@dca.ca.gov**
Website:**www.fiduciary.ca.gov**

**Mailing Address:**
Professional Fiduciaries Bureau
1625 North Market Blvd., Suite S-209
Sacramento, CA 95834


CALIFORNIA DEPARTMENT OF CONSUMER AFFAIRS

PDE_24-420



Bago kumuha ng isang professional fiduciary, dapat kang mag-interbiyu ng kahit na tatlong lisensyadong professional fiduciary at beripikahin na sila ay lisensyado sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Bureau sa **www.fiduciary.ca.gov**. Puwede kang magsagawa ng mga paghahanap sa pamamagitan ng paggamit ng pangalan ng tao, numero ng lisensya, lungsod, o county. Maaari mo ring tingnan ang anumang pampublikong impormasyon tungkol sa disiplina na makukuha sa website.

Narito ang mga halimbawa ng mga itatanong sa interbiyu bago maging kliyente.

- ☐ Anong mga uri ng serbisyo ang iyong ibinibigay?
- ☐ Mayroon ka bang seguro para sa mga pagkakamali at pagkukulang?
- ☐ Ano ang iyong mga kredensiyal?
- ☐ Ano ang iyong oras ng trabaho at oras ng pagtanggap ng tawag?
- ☐ Kung may emerhensiya matapos ang oras ng trabaho, paano kita makokontak o ang iyong mga tauhan?
- ☐ Ano ang iyong mga panuntunang panseguridad (internal controls)? Paano pinoprotektahan ang aking kumpidensiyal na impormasyon?
- ☐ Ano ang mangyayari sa akin kung may mangyari sa iyo? Ano ang iyong plano para sa pagtatalaga ng kahalili (succession plan)?
- ☐ Mayroon ka bang plano ng pagtugon sa krisis (disaster-recovery plan) para sa aking mga datos?
- ☐ Ano ang mga babayaran sa iyo at kailan?
- ☐ Kung gagamit ka ng ibang mga propesyonal (certified public accountant, abogado, caregiver, atbp.), magkano ang ibabayad sa kanila?
- ☐ Nagtatrabaho ka ba nang mag-isa o mayroon kang tauhan?
- ☐ Kung mayroon kang tauhan, anong mga uri ng serbisyo ang itinatalaga mo sa kanila?
- ☐ Magkano ang singil para sa mga serbisyong ibinibigay ng iyong tauhan?
- ☐ How often will you provide me with an accounting?
- ☐ Maaari mo ba akong bigyan ng mga reference ng mga dati o kasalukuyang kliyente o iba pang mga propesyonal na nakatrabaho mo na maaari kong kontakin?